
1

# MUSIKA

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Pagbabago sa Galaw ng Musika



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Musika – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Paggamit ng Iba't Ibang Tiyempo Para Mapahusay ang Tula, Kanto, Drama, at Mga Kwentong Musical**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:**Rhonel Paz G. Mamaradlo

**Editor:** Jaima J. Pineda

**Tagasuri:** Amador R. Cabalonga, Denis M. Agbayani

**Tagaguhit:**, Arlene R. Mendita, Rhean Joy R. Lintao, Rhonel Paz G. Mamaradlo

**Tagalapat:** Rosalia P. Gaoiran

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Rodrigo V. Pascua
Maria Christina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra

Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________
Department of Education – Region II
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Musika

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3
## Paggamit ng Iba't Ibang Tiyempo Para Mapahusay ang Tula, Kanto, Drama, at Mga Kwentong Musical

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Musika 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pag-awit sa payak na Melodic Pattern (so-mi-mi-so, mi-re-do) at pag-awit ng mga himig sa tamang tono gaya ng awiting greeting songs, counting songs at action songs.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala Para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Musika 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pag-awit sa payak na Melodic Pattern (so-mi-mi-so, mo-re-do) at pag-awit ng tamang tono sa mga awiting greeting songs, counting songs at action songs.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.

4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Nagagamit ang iba't ibang **tempo** upang pagandahin ang tula, chant, drama, at kwentong musical.

## *Subukin*

Pagaralan ang bawat Gawain.
Iguhit ang ☺ kung ang Gawain ay nakakadagdag ganda at ☹ kung hindi.

______ 1. Sabayan ng pagpalakpak ang kantong "**Si Bunso".**

______ 2. Pagbigkas ng mabagal sa tulang "Ang Alaga kong Aso"

______ 3. Pag-awit lang ng mabagal sa kuwentong musikal.

______ 4. Pagkilosn ng mabagal sa drama.

______ 5. Pagkilos ng mabilis sa pagbigkas ng tula.

## Balikan

Gayahin ang mga sumusunod na Gawain:


1. Pagwagayway ng mabagal ang kamay habang inaawit ang “Twinkle Twinkle Little Star.”
2. Pagmamartsa habang inaawit ng mabilis ang “Si Jack at si Jill.”
3. Sabayan ng pagkumintang ang awitng “Ako ay May Lobo.”

| Aralin 1 | • Pag-awit sa mga Payak na Melodic Patterns (so-mi,mi-so,mi-re-do)<br>• Pag-awit sa mga action song, counting song at echo song nang may wastong tono. |
| --- | --- |

## *Tuklasin*

Bigkasin ang tula at ang chant o kanto.

**Si Bunso (Tula)**



Nakakaaliw ang bibong si bunso
Paglundag sa kama di mapahinto
Tuwang-tuwa pag si nanay ang kalaro
Pag siya'y mapagod hihingi ng dodo.

**Si Bunso (Chant o Kanto)**

Nakakaaliw ang bibong si bunso
Paglundag sa kama di mapahinto
Tuwang-tuwa pag si nanay ang kalaro
Pag siya'y mapagod hihingi ng dodo.

## *Suriin*

- Ano ang pagkakaiba ng dalawang binigkas?
  ______________________________________________
- Alin ang binigkas ng mabilis?
  ______________________________________________
- Alin ang binigkas ng mabagal?
  ______________________________________________

# Pagyamanin

## Gawain 1


Masdan ang bawat larawan.Gayahin ang bawat kilos na makikita rito. Lagyan ng tsek( ✓ ) kung mabilis ang kilos o galaw at ekis ( ✗**)** kung mabagal.



____ 1. Pagtakbo ni Nene




____ 2. Paggapang ni beybi



_____3. Paghabol ng aso.



_____4.  Pag-akyat sa hagdan.



_____5. Paglipad ng ibon.

## Gawain 2

Isagawa ang gawain sa dalawang tempo.
1.Basahin ito ng patula
2.Basahin ito ng pakanto



**Ang Alaga kong Aso**
Matalino at maamo
Puti ang balahibo
Masayang kalaro
Lagi kong kasundo.

Iguhit ang ☺ kung mabilis ang tempo at ☹ kung mabagal ang tempo.

________1. Pagbigkas ng patula
________2. Pagbikas ng "chant"
________3. Ang pagbigkas sa unang linya ng "chant"
________4. Ang pagbigkas sa unang linya ng patula
________5. Ano ang mas gusto mong pagbigkas

## Gawain 3

Gawin ang bawat kilos at suriin kung ito'y mabagal o mabilis. Lagyan ng ☺ kung mabilis ang tempo at ☹ naman kung mabagal ang tempo.

____1. Sabayan ng pagmartsa ang Aurora March.
____2. Pagtapik sa mesa habang inaawit ang Lupang Hinirang.
____3. Awitin ang Leron Leron Sinta sabay ng pagpalakpak.

____4. Pagsayaw ng Manang Biday.

____5. Pagpadyak sa pag-awit ng Maligayang Bati.

## Gawain 4

Bigkasin ang nasa ibaba ng patula, pakanto, drama, at kuwentong musikal.

**Ang Bibong si Bimbo**

Ang bibong si Bimbo
May kakaibang talento
Sa pag-awit at pagsayaw
Siya'y laging nananalo
Naaasahan sa anumang paligsahan
Kaya naman siya'y hinahangaan.

Panuto: Sagutin ang mga kasunod na tanong tungkol dito.

1. Ano ang pinakaangkop na paraan ng pagbigkas ang mainam gamitin?

   ______________________________________________

2. Bakit ito ang paraan ng pagbigkas ang iyong pinili?

   ______________________________________________

3. Anong paraan ng pagbigkas ang mabagal?

   ______________________________________________

4. Anong paraan ng pagbigkas ang mabilis?

   ______________________________________________

5. Ano ang maitutulong ng paggamit ng iba-ibang tempo sa iba't ibang paraan ng pagbigkas?

   ______________________________________________

## *Isaisip*:

Ang pagbabago sa **<u>tempo</u>** ay nauugnay sa pagbabago ng galaw at napapaganda nito ang pagbigkas nng tula, kanto, drama, at kuwentong musikal.

## *Isagawa*

Panuto: Gawin ang mga Gawain sa ibaba.

1. BIgkasin ang tulang "Ang Alaga Kong Aso" sa tamang tempo.
2. BIgkasin ng mabilis ang kantong "Ang Alaga Kong Aso"

## Tayahin

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na kilos. Iguhit ang ☺ kung nakakadagdag ganda at ☹ kung hindi nakakadagdag ng ganda.

___1. Pagsabay ng mabilis na pagpalakpak ang kantong "Si Bunso."

___2. Pagbigkas ng tula ng mabilis.

___3.Pagbigkas ng "chant" o kanto ng halinghingang bilis at bagal.

___4. Pag-awit lang ng mabilis sa kuwentong musikal.

___5. Pagkilos ng mabagal sa drama

## Karagdagang Gawain

Bigkasin ang kantong "Si Bunso" ng may iba't ibang tempo.

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☹

**Balikan**

**-pagsasagawa ng kilos.**

**Tuklasin/Suriin**

- Pagbigkas ng patula at pakanto
- Ang chant o kanto
- Ang tula

**Gawain 1**

1. ✓
2. ×
3. ✓
4. ×
5. ✓

**Gawain 2**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. iba-iba ang sagot

**Gawain 3**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☺

**Gawain 4**

1.iba-iba ang sagot

2. iba-iba ang sagot.

3. patula, drama, kuwentong musikal

4.chant

5. Napapaganda nito ang paraan ng pagbigkas.

**Isagawa**

-Pagbigkas ng patula at pakanto ng "Ang Alaga Kong Aso"

**Tayahin**

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☹
5. ☺

**Karagdagang Gawain**

-iba't ibang paraan ng pagbigkas ng kantong "Si Bunso"

# *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide

Revised Most Essential Learning Competencies (MELC)

(Curriculum Implementation and learning management Matrix)

Music and Arts Teachers Guide

Music and Arts: 1 Learning Material

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph